## Juan 20:19-23 Ang Bagong Tipan: Filipino Standard Version (FSV)

19 Kinagabihan ng araw na iyon, unang araw ng linggo, habang
ang mga pinto ng bahay na pinagtitipunan ng mga alagad ay
nakasara dahil sa takot sa mga pinuno ng mga Judio, dumating si
Jesus at tumayo sa gitna nila at sinabi, “Sumainyo ang
kapayayapaan!” 20 Pagkasabi nito, ipinakita niya sa kanila ang
kanyang mga kamay at tagiliran. Kaya nagalak ang mga alagad
nang makita ang Panginoon. 21 Muling sinabi ni Jesus sa kanila,
“Sumainyo ang kapayayapaan! Kung paanong isinugo ako ng
Ama, sinusugo ko rin kayo.” 22 Nang masabi niya ito, sila'y
hiningahan niya at kanyang sinabi, “Tanggapin ninyo ang Banal
na Espiritu. 23 Kung pinatatawad ninyo ang mga kasalanan
ninuman, pinatatawad na sila sa mga ito; kung hindi ninyo
pinatatawad ang mga kasalanan ninuman, hindi nga pinatatawad
ang mga ito.”